Mensahe Lima

## Nakikilala ang Salamuha ng mga Pagdurusa ni Kristo at Pagiging Naiwangis sa Kanyang Kamatayan

Mga Babasahin sa Kasulatan: Fil. 3:7-10; Juan 11:25; Efe. 1:19-20; Col. 1:24

**I. Hinangad ni Pablo na makilala ang salamuha ng mga pagdurusa ni Kristo—Fil. 3:10:**

A. Kay Kristo, ang mga pagdurusa at kamatayan ay unang naganap, sinundan ng pagkabuhay na muli; sa atin, ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli ay nauuna, sinusundan ng pakikibahagi sa Kanyang mga pagdurusa at pagkawangis sa Kanyang kamatayan—b. 10.

B. Una nating tinanggap ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli; pagkatapos sa pamamagitan ng kapangyarihang ito tayo ay binigyang kakayahan upang makibahagi sa Kanyang mga pagdurusa at mamuhay ng isang napakong buhay sa pagkawangis sa Kanyang kamatayan.

C. Ang mga pagdurusa ni Kristo ay may dalawang kategorya: yaong para sa pagsasakatuparan ng pagtutubos, na kinumpleto ni Kristo mismo, at yaong para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia, na kailangang mapunuan ng mga apostol at mga mananampalataya—Col. 1:24:

1. Hindi tayo maaaring makibahagi sa mga pagdurusa ni Kristo para sa pagtutubos, subalit dapat tayong makibahagi sa mga pagdurusa ni Kristo para sa pagbubunga at pagtatayo ng Katawan—cf. Apoc. 1:9; 2 Tim. 2:10; 2 Cor. 1:5-6; 4:12; 6:8-11.
2. Si Kristo bilang ang Kordero ng Diyos ay nagdusa para sa pagtutubos (Juan 1:29); si Kristo bilang ang butil ng trigo ay nagdusa para sa pagbubunga at pagtatayo (12:24):
   a. Ang Panginoon, bilang isang butil ng trigo na nahulog sa lupa, ay naiwala ang Kanyang buhay-kaluluwa sa pamamagitan ng kamatayan upang mapalaya Niya ang Kanyang buhay na walang hanggan sa loob ng pagkabuhay na muli tungo sa maraming butil—10:11, 15, 17-18.
   b. Hindi kinumpleto ng isang butil ang lahat ng mga pagdurusang kailangan para sa pagtatayo ng Katawan; bilang ang maraming butil, dapat tayong magdusa sa parehong paraang nagdusa ang isang butil—12:24-26:
      (1) Bilang ang maraming butil, dapat din nating maiwala ang ating buhay-kaluluwa sa pamamagitan ng kamatayan upang matamasa natin ang buhay na walang hanggan sa loob ng pagkabuhay na muli—b. 25.
      (2) Ito ay ang sumunod sa Kanya upang paglingkuran Siya at lumakad kasama Niya sa ganitong paraan, ang paraan ng pagkawala ng atingbuhay-kaluluwa at namumuhay sa Kanyang pagkabuhay na muli—b. 26.
      (3) Ang paraan upang umiral ang ekklesia at upang dumami ay hindi sa pamamagitan pantaong kaluwalhatian; ito ay sa pamamagitan ng kamatayan ng krus—bb. 20-24.

D. Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng mga pagdurusang para sa ating transpormasyon at mga pagdurusang para sa Katawan—2 Cor. 3:18; Fil. 3:10; Col. 1:24:

1. Ang salita ni Pablo sa Filipos 3:10 ay hindi tumutukoy sa mga pagdurusang para sa transpormasyon.

2. Kung ihahambing natin ang 3:10 sa Colosas 1:24, makikita natin na ang mga pagdurusang sinasabi ni Pablo sa Filipos 3:10 ay yaong nagpupuno ng kalulangan ng mga pagrdurusa ni Kristo para sa Katawan.
3. Sa Colosas 1:24 itinuring ni Pablo ang kanyang mga sariling pagdurusa bilang ang pagpupuno sa kakulangan ng mga pagdurusa ni Kristo para sa Kanyang Katawan.
4. Ang mga pagdurusa ni Kristo para sa Kanyang Katawan ay nagpapatuloy pa rin, at kailangan nating makibahagi sa mga ito—Fil. 3:10; cf. Gawa 9:4-5.
5. Kapag tayo ay nagdurusa para sa Katawan mararanasan natin ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo—Col. 1:24; Fil. 3:10.

**II. Sa Filipos 3:10 ay nagsabi si Pablo ng "pagiging naiwangis sa Kanyang kamatayan"; ang katagang ito ay nagpapahiwatig na ninais ni Pablong kunin ang kamatayan ni Kristo bilang ang hulmahan ng kanyang buhay:**

A. Ang kahigtan ng pagkakilala kay Krsito, ang pagbilang ng lahat ng bagay bilang kawalan, ang pagtatamo kay Kristo, pagiging nasumpungan sa Kanya, ang pagkakilala sa Kanya, ang pagkakilala sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli, at pagkakilala sa salamuha ng Kanyang mga pagdurusa ay pawang nagreresulta sa isang bagay—pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo—bb. 7-10.

B. Ang pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo ay nagpapahiwatig na ang Kanyang kamatayan ay isang hulmahan—b. 10:
1. Ang sentro ng Filipos 3 ay ang bagay ng pagiging naiwangis sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo—bb. 7, 9, 12-16.
2. Tayo ay nailagay sa hulmahang ito ng kamatayan, at ngayon kailangan nating maiwangis sa hulmahang ito—Gal. 2:20; Roma 6:3-5.
3. Ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo sa loob natin ang nangunguna sa atin, nagdadala sa atin, nagpapasan sa atin, at naglalagay sa atin sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo—Juan 11:25; Efe. 1:19-20.

C. Ang hulmahan ng kamatayan ni Kristo ay tumutukoy sa karanasan ni Kristo sa patuloy na paglalagay sa kamatayan ng Kanyang pantaong buhay upang maipamuhay Niya ang buhay ng Diyos—Juan 6:57a:
1. Nang ang Panginoong Hesus ay nasa lupa, ipinamuhay Niya ang isang napakong buhay; sa pamamagitan ng pamumuhay ng napakong buhay Siya ay buháy sa Diyos at ipinamuhay Siya—Gal. 2:20; 3:1; 5:24.
2. Lagi Niyang inilalagay ang Kanyang pantaong buhay sa kamatayan upang ang dibinong buhay sa loob Niya ay makadaloy palabas—Juan 10:10b-11, 17.
3. Habang Siya ay nabubuhay, Siya rin ay namamatay—namamatay sa lumang paglikha upang mamuhay ng isang buhay sa bagong paglikha; ito ang kahulugan ng "Kanyang kamatayan" sa Filipos 3:10.

D. Ang maiwangis sa kamatayan ni Kristo ay ang kunin ang kamatayan ni Kristo bilang ang hulmahan ng ating buhay—b. 10:
1. Ang kamatayan ni Kristo ay isang hulmahan kung saan tayo ay naiwawangis gaya ng kung paanong ang masa ay inilalagay sa hulmahan ng keyk at iwinawangis dito.
2. Inilagay tayo ng Diyos tungo sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo, at araw-araw ay hinuhulma tayo ng Diyos upang iwangis tayo sa kamatayang ito—Roma 6:3-4.

3. Ang ating buhay ay dapat maiwangis sa gayong hulmahan—namamatay sa ating pantaong buhay upang maipamuhay ang dibinong buhay—Gal. 2:20; 2 Cor. 4:10-11.
4. Kung ilalagay natin sa kamatayan ang ating natural na buhay, magkakaroon tayo ng kamalayan na mayroon tayong isa pang buhay, ang dibinong buhay, sa loob natin; ang buhay na ito ay mapapalaya, at pagkatapos sa ating karanasan ay maiwawangis tayo sa kamatayan ni Kristo—Juan 10:10b; 1 Juan 5:11-12.
5. Sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo ang natural na tao ay pinapatay, ang lumang tao ay pinapako, at ang sarili ay winawalang saysay—2 Cor. 4:16; Roma 6:6; Mat. 16:24.
6. Kung hahayaan natin ang ating sirkumstansya na idiin tayo sa ganitong hulmahan, ang ating pang-araw-araw na buhay ay maihuhulma sa wangis ng kamatayan ni Kristo—Roma 8:28-29.

E. Ang tanging paraan upang luwalhatiin ang Diyos ay ang maiwangis sa kamatayan ni Kristo; lalo tayong naiwawangis sa kamatayan ni Kristo, lalo nating niluluwalhati ang Ama—Juan 12:28; 13:31.

*© 2023 Living Stream Ministry*